

Ang Tugon ng CDC sa **Zika**

GUMAMIT NG MGA KULAMBO

HABANG NATUTULOG



Paano gamitin nang Tama ang Mga Kulambo

Ang mga kulambo ay maaaring ibitin sa itaas ng isang kama o kuna upang maprotektahan laban sa kagat ng mga lamok. Ang mga matatanda at kabataan ay dapat matulog sa ilalim ng kulambo kapag walang air conditioner o may screen na mga kwarto.



Kapag gumagamit ng kulambo:

- Ipitin ang kulambo sa ilalim ng kutson upang panatilihin ang mga lamok sa labas.
- Ipitin ang kulambo sa ibabaw ng kuna o sa ilalim ng kutson o pumili ng isang kulambo na sapat upang sumayad sa sahiig.
- Hignpitan ang paglagay ng kulambo upang maiwasan ang panganib ng pagkakasakal sa mga bata.
- Ikawit o itali ang mga gilid ng kulambo sa iba pang mga bagay kung ito ay lumalaylay.
- Suriin ang mga butas o punit sa kulambo kung saan makakapasok ang mga lamok.
- ✗ **Huwag** isabit ang kulambo malapit sa anumang kandila, sigarilyo, o nakasinding apoy, dahil maaaring makalikha ng sunog.
- ✗ **Huwag** matulog nang nakadikit sa kulambo, dahil ang lamok ay maaari pa ring kumagat sa pamamagitan ng mga butas sa kulambo.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpuksa ng mga lamok sa tahanan, bumisita sa www.cdc.gov/zika/prevention/controlling-mosquitoes-at-home.html